# Dahil Wala Kaming Tubig

Nagising ako sa hagulgol ng mga anghel sa itaas ng bahay nila Kapitan Jingon.Ilang gabi na ring ganito ang sistema—may ngangawa sa gabi at may pila ng mga bulag at bingi sa umaga para mag-igib ng tubig sa tapat ng bahay nila.

Magtatatlong linggo nang walang tubig sa buong NCR, ganoon din sa amin sa Hagonoy. Mabuti na lang, mayroon kaming dalawang tangke ng tubig sa rooftop na sasapat sa paliligo ko, ni Nanay at Tatay, at ng aso namin kasama na ang mga gawaing bahay na hindi puwedeng walang tubig tulad ng paghuhugas ng pinggan, paghuhugas ng puwet sa pagtae, pagsisipilyo. Sabi ng Maynilad, may tiyansang wala pa ring tubig sa isang linggo. Kapag nangyari 'to, siguradong papapilahin ako ni Nanay kila Kap.

'Yon na siguro ang pinakakinakatakutan at pinakakinakasabikan kong gawin: ang pag-igibin ng tubig sa Likod kung saan nakatira si Kap. Paano ba naman, samu't-sari ang mga kuwentong umiikot tungkol sa Likod. Nariyan ang nagliliyab na tigreng asul na nangangagat ng mga pangarap, ang nagsasalitang mga bote ng Yakult na kinukunsulta para sa kapalaran, ang lalaking may tatlumpong puyo na naninirador ng mga birthday cake, at ang pinakapaborito ko, ang Bonsai na nakikipaglaro ng chess sa stuffed toy ni Elmo sa Sesame Street at tanging si Elmo lang ang tinatangap na pusta. Lahat ng kwentong ito, pinapapak ng mga tsismosa sa labas nang may blangkong mga mukha at iisang tonong boses. Kaswal na para bang walang kakaiba sa mga ito. Natural na para bang kasama na sila sa pang-araw-araw na buhay nila sa LIkod. Tipikal na pa bang isang normal na araw na naman para mangyari ang mga ito sa kanila.

May bagong kuwentong gumugulong sa kalye na para bang bolang walang preno: may anghel raw na bumaba mula sa langit. Nagdilim ang langit at saka nagkaroon ng liwanang diretso sa bahay nila Kapitan Jingon at saka bumaba ang anghel sa kasabay ng mga tugtog ng trumpeta. Sa sobrang ganda ng anghel, naluha ang mga residente nang sabay-sabay. Nawalan sila ng kosnepto ng kagandahan: at kung mayroon man, wala nang papantay sa antas ng anghel na bumaba sa Likod. Sinubukan nilang ihalintulad

siya sa Mayon, pero apat na daang libo, tatlumpu't limang Mayon ang katumbas. Sabi-sabi, ito raw ang bantay na angel ng anak ni Kapitan Jingon. Bumaba sa langit dahil napuno na ang Diyos sa kakadasal niyang sana may magbantay sa anak niya dahil abala siya sa pagpapatakbo ng Hagonoy. Sa katunayan, ikatlong termino na ni Kap. Naayos ang mga daan at ilaw sa unang termino, pinarami ang mga tanod sa ikalawa, at nagpalagay ng sampung CCTV sa ikatlo. Maganda ang pagpapatko niya, pero may isang bagay siyang hindi mapatakbo ngayon: ang rasyon ng tubig sa Hagonoy.

Kung dati, takureng tili nang tili ang gimigising sa akin, ngayon, mga mga lintik at sandamakmak na putak ng mga tsismosa naming kapit-bahay na. Wala na ring mga manok: namatay na sa kawalan ng tubig. Namaos kakatilaok at napurga sa pambara. Ang iba, natuyot hanggang tustahin ng buhay ng haring araw na ginagawang pulutan na lang ng mga manginginom.

Noong isang linggo, ang mga katok ng iilang kapit-bahay ang gumigising sa akin. Nanghihingi ng konting tubig na ilalagay daw sa sinaing. Ipinagpapaalam ko muna kay Nanay at baka kami naman ang maubusan. Noong una, binibigay ng libre ni Nanay ang dalawang tabong tubig: sapat na para sa isang banlaw ng bigas at ang pangalawa, sa mismong pagsasaing na. Pero ang minsan ay napadalas at naparami. Barat na kung barat pero paano naman kami kapag naubos na ang supply namin? Kami lang kasi ang may tangke ng tubig sa Hagonoy kaya sa amin lumalapit ang mga tao, lalo na ang mga taga-Likod dahil isang dungaw lang ay tanaw ko na mula sa kwarto ko sa second floor ang lugar. Pero ngayong, linggo, humihindi na si Nanay. Ang dalawang tangke namin ng tubig, naging isa na lang. "Sana manunawaan ninyo ang siwtasyon," ang sambit niya sa bawat tanggi sa aming mga kapit-bahay. Naintindihan naman nila. Alam nila ang sitwasyon. Alam nilang kailangan naming lahat ng tubig.

Kinagabihan, habang nagpapaantok ako't nanonood ng mga nakakatawang videos sa Facebook pasado alas dos ng madaling araw, may naririnig akong hagulgol mula sa itaas na sinundan ng mga serye ng malakas na kulog at matutulis na mga kidlat. "Nagdadabog yata ang Diyos," paliwanag ko sa sarili.

Sumilip ako sa bintana ko at nakita ko sa ibaba ang ang mga taga-Likod na umaantabay sa pagbagsak ng ulan buhat-buhat ang kanilang mga baldeng uhaw sa tubig na itinaas nila sa langit. Tumayo ako sa kama para magsipilyo't maghilamos. Sa pagtayo ko, nag-aabang pa rin ang mga taga-Likod sa amba ng ulan. Binuksan ko ang gripo, sumalok ng nag-uumapaw na tubig sa palad na alam kong kagagalitan ni Nanay—naghilamos ng paulit-ulit at saka nagsipilyo nang biglang may narinig akong mga hagulgol ng mga anghel. Totoo nga ang bali-balita. Naririnig ko na mismo ang hagulgol ng mga anghel. Dali-dali akong tumakbo at sumilip sa bintana para tignan ang kalangitan. Kasama ko nang nakatingala sa langit ngayon ang mga taga-Likod habang itinataas pa rin ang mga batya't balde pero ang nakakapagtaka, kung kalian pipigain na ng mga ulap ang tubig, bigla silang pumasok sa bahay ng sabay-sabay. Habang sila'y nagaabang ng senyales ng ulan mula sa mga bahay nila, ako naman ay naghahanap kung saan galing tunog. Tumulo ang tubig mula sa mukha ko na nagmistulang pawis. Naging abala ako sa paghahanap, hindi mo namalayang basa na ang pundnag bagong laba na ibinabad ni Nanay sa Downy. Kumuha ako ng tuwalyang bagong laba sa cabinet ko saka nagpunas ng mukha. Patuloy pa rin ang paghagulgol ng mga anghel sa langit. Sa paghahanap ko kung saan galing ang tunog, dinapuan ako ng antok. Hindi ko namalayang hinehele na nila ako sa pagtulog.

Hindi ang mga boses ng kapit-bahay ang gumising sa akin kanina kung hindi apuradong yugyong ni Nanay. Alas diyes pa lang umaga, hindi ito ang normal na gising ko. Kulang pa ng dalawang oras. Ganoon na ang nakasanayan ko: matutulog ng umaga kakadutdot ng cellphone habang babad sa Facebook at saka gigising at maghahanap ng pagkain, hihilata at saka babalik sa Facebook at manonood ng mga nakakatawang videos. Ngayon, puyat ako. Kinulang ng dalawang oras ang tulog ko. "Ano ba 'yon?" bugnot na bungad ko "nakitang natutulog 'yung tao, e.".“Wala ng baterya 'yung remote ng TV, bumili ka muna sa talipapa. Hindi ko mapapanood 'yung cooking show sa channel 11," sagot ni Nanay. Kumamot ako ng ulo at saka isinahod ang kamay sa iaabot na pera. Hinihikab kong tinanggap ang isang

daan. “Bumili ka na rin ng almusal mo,” dagdag niya.Naghilamos ako saglit at nagmumog.“Bilisan mo!” bulyaw ng Nanay, “kapag hindi ko naabutan ‘yung pinapanood ko tatamaan ka!”.

Lumabas ako ng bahay at nag-abang nga pedicab. Sa Hagonoy, hindi mo paparahin ang pedicab tulad ng pagpara mo sa dyip o bus. Dito, magtititigan lang kayo sa mata at kapag lumagpas ng limang segundo ang koneksyon niyo ng nagmamando ng pedicab, titigil siya sa harapan mo nang wala kang sinasabi. Sumampa ako sa pedicab, at sa unang tapak ko pa lang, naamoy ko na ang amoy ni Pijong na kababata ko. Nagpanggap akong walang naaamoy pero paminsan, hindi epektibong lokohin ang sarili lalo na kung alam mong magtatatlong linggo nang walang tubig sa Hagonoy at malaki ang tiyansang magtatalong linggo na ring walang ligo si Pijong. “San ka ‘Boy?” sambit niya.“Talipapa lang ako, ‘Jong. May pinapabili si Nanay, e. Paspasan mo na lang ‘Jong, a, Nagmamadali, e” pakiusap ko. “Nako!” malutong na sabi niya “walangya trapik ngayon ‘Boy. Lintik, lahat ng tao nasa kalsada.” Ang pagsilip ko habang umaandar ang padyak ay ang nagpatotoo sa sinabi ni Pijong. Ngayon ko lang nakitang ganito karaming tao sa kalsada puwera sa Bagong Taon at Pista ni San Miguel. May mga batang naglalakad papasok sa kalsada dahil trapik nga at ayaw mahuli sa klase. Nakajaporms dahil pinayagan ng DedEd na hindi muna magsuot ng uniporme sa kawalan ng tubig sa NCR. May bulto ng nagbebenta ng buko sa kariton, pamatid uhaw at pamalit sa tubig dahil bukod sa pang-araw-araw na gamit, wala na ring mainom. Maraming tambay na sa labas, nag-aabang ng haharanging bumbero hawak-hawak ang mga lalagyan ng tubig na matagal nang hindi nababasa. Pero ang nakakuha ng atensyon ko ay ang mahabang pila ng tao hawak-hawak ang kanilang mga timba papuntang Likod.

“Saan papunta ‘yang pila?”

“Ah, ‘yan ba? Papunta ‘yan kila Kap.”

“Kila Kap? Bakit? Anong meron? Bakit may hawak silang mga timba?”

“Ah, sasalok sila ng tubig. Sasalok sila ng luha ng mga anghel.”

Sinagot ako ni Pijong habang walang reaksyona ng mukha—natural, kaswal, tipikal. Totoong-totoo nga ang bali-balita sa Likod. Bumaba ang anghel na bantay ng anak ni Kapitang Jingon at ngayon, binibiyayaan kami ng tubig pero pinagkakakitaan niya. “Nagpapabayad ng sikwenta pesos ‘yang si Kap kada container. May basbas daw kasi ng Diyos ang binebenta niyang luha ng mga anghel,” kuwento ni Pijong. Nakarating na kami sa talipapa nang hindi ko namamalayan. Masyado akong inilubog sa lupa ng kuwento ng pagluha ng mga anghel. Sabi ko kay Pijong, hintayin na ako para ipagpatuloy namin ang kuwentuhan. Pumasok ako sa grocery at naghanap na ng baterya. Umaalingasaw na ang amoy ng mga namimili pero hindi ko rin naman sila masisisi. Noong una, may facemask pa ang mga residente kapag lumalabas pero ngayon, nasanay na sila sa kanya-kanyang baho. Magbabayad na sana ako ng biniling baterya ni Nanay nang biglang may sumingit sa akin sa pila. Isang batang babae na nagmamakaawang pautangin sila ng tubig ng tindahan. May sakit daw ang nanay niya at kailangan ng tubig para makainom ng gamot. Ilang araw na raw sinusubukang inumin ng mano-mano ng nanay niya ang gamot pero isinusuka lang daw ‘to ng kaniyang ina dahil sa pakla ng lasa. Sabi ng tindera, bakit hindi siya pumunta kay Kap, may basbas pa ng Diyos ang tubig. Sabi ng batang babae, nakiusap din daw siya pero hindi siya pinayagan. Sinubukan pa raw siyang hawakan nito sa maselang parte ng katawan niya pero tumakbo siya pauwi. Noong sinumbong niya ito sa nanay niya, pinagbawalan na siyang bumalik doon habambuhay. Nakiusap muli ang bata pero iling lang ang sinasagot ng kahera. May lumapit sa batang babae at sinabing inatake na ang nanay niya dahil sa palaktaw-lakataw ang pag-inom ng gamot. Umuwi ang bata na luhaan. Habang paalis ang bata at naglalakad, ako naman ay palapit sa kahera, sinubaybayan ko ‘kung paano umuwi ang bata. Siguro ang luha na ng batang babae ang una’t huling tubig na papatay sa katawan ng nanay niya sa nakalipas na tatlong buwan. Inabot ko ang baterya sa counter at saka hinintay ang sukli. Gusto ko sanang habulin ang bata at bigyan ng kahit konting tulong pero noong naisip kong maiinis ang Nanay dahil kulang ang sukli kaya agad kong binawi ang ideya.

Kinuha ko ang supot na iniabot ng kahera at saka sumakay ulit sa pedicab ni Pijong. Natulala lang ako sa buong biyahe. Tanging pag-abot ng bayad at *salamat* lang ang pag-uusap namin pauwi. Iniabot ko kay Nanay ang kakarampot na sukli. Pinausyo ni Nanay ang mga baterya. Palitan ko raw ang baterya ng remote. Ipinasubok sa akin kung gumagana ang baterya. Matapos ang dalawang pukpok ng remote ng TV sa palad, gumana na nga ito. Nailipat ko ang palabas sa sa National Geographic nang hindi sadya. Tungkol sa mga hayop na kumakawala sa sarli nilang hawla sa circus at saka kinakain ang mga nagkulong sa kanila. Namangha ako imbis na naawa. Lumapit sa akin si Nanay at binatukan ako ng malakas. “Cooking Show ba ‘yan, ha?”.

Kinagabihan, narinig ko na naman ang iyak ng mga anghel bago maghilamos. Lumapit muli ako sa bintana at pinanood ang nagtutulisang mga kidlat na sinundan ng mga lagabog mula sa langit. Ang mga residente, ganoon pa rin, naghihintay ng wala mula sa langit. Bumalik ako sa pagfe-facebook at natulog.

Kung kahapon, yugyog ni Nanay ang gumising sa akin, ngayon naman ay hampas ng sandok sa braso. “Punyeta ka, Gboy! Iniwan mong bukas ‘yung lababo kagabi! Wala nang laman ang tangke!” Binato ako ni Nanay ng dalawang timbang walang laman sabay utos ng “Mag-igib ka!”.

Ito na ang kinakatakot at hinihintay ko. Pupunta na ako sa Likod. Nagtaka si Nanay kung bakit masaya pa akong pinagalitan niya ako. Dahil wala kaming tubig, pumila ako ng pagkahaba-haba para makita ang anghel na bumaba sa lupa. Inabot ng dalawang oras ang pila sa dami ng gustong mag-igib at makita ang anghel. Nasa labas lang kasi ito ng bahay nila Kap at nakahawla. Nakita ko si Kap na nangungubra ng pera. Ngayon daw, isang daan ang singil niya dahil kailangan daw ng bitamina ng anghel. Noong pagkakataon ko na, inabot ko ang dalawang daan kay Kap at saka sumalok ng tubig. Nakapako ang mga mata ko sa anghel. Hindi naman pala maganda. Madungis na ang balat, payat na payat ang pangangatawan at nalalagas na ang mga balihibo sa pakpak. Paalis na ako, pero alam kong

nakatingin pa rin sa akin ang anghel. Nangungusap ang mga mata, ani mo'y humihingi ng awa pero higit sa lahat, ng tulong. Sa paglabas ko sa Likod, nakasalubong ko si Pijong. Tinanong niya ko kung nakita ko raw ba ang anghel, ang sabi ko, "anghel pa ba siyang matatawag sa lugar na 'yon? Kawawa siya run, 'Jong." "Pero mas kawawa tayo kapag wala tayong tubig," sagot niya. Nagpatuloy ako sa paglalakad.

Pagkauwi ko, hindi ako kinakausap ni Nanay. Dumiretso na ako sa kwarto ko. Nagpunas lang ako ng pawis at nagpalit ng damit. Gusto kong malaman kung bakit humahagulgol ang mga anghel sa langit. Ngayong gabi, pupunta akong Likod. Naghanda ako ng flashlight. Buo ang loob ko, gusto kong makita kung bakit humahagulgol ang mga anghel sa langit.

Madaling araw na, dahan-dahan akong lumabas ng bahay. Nagdadabog na naman ang Diyos. Sigurado, malapit nang umalingawngaw ang iyak ng mga anghel sa langit. Pumunta ako sa Likod dala ang flashlight at ang gutom sa katotohanan. Pagpasok ko sa lugar, gabi na pero buhay pa rin ang Likod. May sugal, may inuman, may kasiyahan. Nakita kong bumabangka si Kap sa inuman at sugal. Todo pusta at todo bigay ng alak pang-inom at pangyosi. Tumayo siya't nagpaalam na siya sa mga kabisyo niya at umuwi. Bago umalis, kumamayn pa sa kaniya ang ilang kainuman at nagpapasalamat sa pagbibigay ng tubig sa kanila. Sinundan ko siya pauwi. Sa pagsunod ko sa kanya, binabati siya ng mga tao sa daan habang may kapit na baldeng nakataas. Hindi sila tumitingin kay Kap. Bago dumating sa bahay, tumingin muna siya sa paligid. Nagtago ako habang papasok siya sa bahay. Sinilip ko siya sa maliit na butas ng bintana niya. Nakita ko siyang pumasok sa sa hawla ng anghel na nakagapos, nakatalikod kay Kap. Narinig ng anghel ang langitngit ng bakal kaya siya napalingon. Nagkatitigan sila. Lumapit si Kap sa anghel habang nakangiti at hinuhubad ang sinturon. Sinusubukan niyang halikan ito pero nagpupumiglas ang anghel. Habang pumapalag ang anghel, tinatanggalan niya ng balahibo ang pakpak nito.Tumatawa si Kap. Gustong humiyaw ng anghel pero may busal siya sa bibig.Pinatuwad niya ang anghel. Dahil hindi makapalag, umiyak na lang siya ng walang luha. Ubos na. Ipinasok ni Kap ang titi sa ari ng anghel at

ginawa niya ito ng paulit-ulit. Paulit-ulit. Paulit-ulit. Umiiyak ang mga anghel sa langit habang ang nasa hawla, tinanggap ang burat mula sa likod—tipikal na gabi para sa kaniya.

Napatingin sa akin ang anghel. Napaatras ako sa nakita. Natapakan ko si Pijong. "'Jong si Kap kinakanto—"

"Oo alam ko. Alam naming lahat."

"E, bakit wala kayong ginagawa?'

"'Yan lang ang paraan para magkatubig kami. Magkatubig tayo."

Hindi ako makapaniwala sa narinig ko. Nanginig ang kalamnan ko. Gusto kong sapakin si Pijong, si Kap at mga taga-Likod pero alam kong argabiyado ako lalo pa ngayon na nakatingin na silang lahat sa akin at nasa teritoryo nila ako. Tumalikod ako, humarap sa pader ni Kap. Nakita ko mula sa maliit na butas ang panggagahasa niya sa anghel. Pumikit ako at inilabasko ang titi ko't inihian ang pader ng bahay ni Kapitan Jingon.

Umuwi ako ng bahay at prinoseso ang mga nakita. Bumalik ako sa pagfe-Facebook at nahiga. Ang mga taga-Likod, umuwi sa kaniya-kaniyang mga bahay nila. Matigas ang bilin Kap: Walang lalabas kapag umiiyak na ang mga angel. "Nakikita ko sa CCTV kung sino ang mga sumasalok ng patago, kung sino ang mga tarantado't paniguradong walang tubig."

Umalingawngaw na naman ng iyak ng mga anghel.Nagsimula na rin ang pag-ulan. Gahaman sa pera, sinasahod ito ng isang libong timba ni Kap. Sa sobrang tagal ng gahasa, napupuno ang timba ng luha na pinapa-igib sa mga residente ng may bayad.

Kinabukasan, nagising ako sa sigawan sa Likod. Sumilip ako mula sa bintana:nagkakagulo sa Likod. Lumabas ako ng bahay, dahil may utos na naman si Nanay na mag-igib ulit ng tubig. Sinuong ko

ang mahabang pila ng mga taong dumudura ng galit. Naalala nila ako kaya kapag nadadaanan ko sila, mga titig kinagabihan ang bumabati sa akin. Sa dulo ng pila, nakita ko si Kap. Nagpapaliwanag.“Wampipti na nga ang tubig,” sabay hithit ng yosi “kung ayaw niyo, e di maghanap kayo ng tubig.” Nagpatuloy sa pagngawngaw ang mga taga-Likod. Giyang na giyang sa mga reklamo dahil tigang na tigang na sila sa tubig. Walang pang-saing, walang maiinom, walang panligo at pampalubog ng tae. Winalambahala sila ni Kap at mga hinang nila. Papasok na si Kap at ipapasok niya ang timba ng tubig. “Kap, iwanan mo sa amin ang anghel,” pakiusap ni Pijong. Tumawa ng malakas si Kap.“Tarantado ka ba? E, di nawalan ako ng hanap-buhay.” Hahawakan na niya sana ang hawla pero tinabig ni Pijong ang kamay niya. “Iwanan mo sabi, e.” Tinampal ni Kap si Pijong. Nagkaroon ng katahimikan. Ibinaba ng mga taga-Likod ang mga bitbit na btiya’t baldeng walang laman. Lumapit sila kay Kap.“Teka, mga kababayan, puwede naman nating pag-usapan ‘to,” pakiusap niya. Lumabas sa bahay ang mga asawa’t anak ng mga nag-iigib. “Teka, teka,” pilit niya. Hinawakan ng mga kalalakihan ang dalawang kamay at paa ni Kap at saka pinagduduraan, pinasisipa’t pinagsusuntok. Mga bulag at bingi—hindi marinig ang mga sigaw ng pakiusap at hinagpis ni Kap, nagdilim ang paningin. Ang mga kababaihan ang nag-igib ng tubig, kaniya-kaniyang salok kaliwa’t kanan. Libre. Nagtulungan silang ipasa ang timba ng bawat isa sabay salok ng tubig hanggang maubos supply ni Kap.

Noong humupa na ang tensyon, napuno ng hingal ang Likod.

“Tangina niyo, hindi kayo marunong sumunod sa patakaran,” sabi ni Kap nang nakahiga. “Tangina mo, walang susunod sa patakarang ikaw lang ang gumiginhawa,” sagot ni Pijong. Uminom kami ng tag-iisang litrong luha ng anghel. Inilabas ang aming mga burat at saka inihian si Kap ng sabay-sabay. Humiyaw kami sa saya.

Kinuha ko ang susi sa hawla ng anghel at saka ibinato sa mga bata. Binuksan nila ang hawla. Lumabas ang anghel at sinundo siya ng ibang anghel pabalik ng langit.

Umiyak ang mga taga-Likod habang pinagmamasdan ang pag-akyat ng mga anghel. Narinig nila ang hagulgol ng isa't-isa. Kinuha ko ang timbang pinuno ng tubig ng mga kababaihan at bumalik ako sa bahay para ibigay kay Nanay.

Wala pa ring tubig sa Hagonoy, pero wala nang mga bulag at pipi sa Likod.